

Tagalog

Pansamantalang Dayuhang Manggagawa

Giya para sa mga Empleyado

Alberta

Freedom To Create. Spirit To Achieve.

Talaan ng Nilalaman

■	Panimula	1
■	Programa para sa Pansamantalang Dayuhang Manggagawa (Temporary Foreign Worker Program)	1
■	Ang mga Dapat Malaman ng mga Empleyado sa Alberta	5
	Mga Pamantayan sa Pagtatrabaho (Employment Standards)	5
	Pangkalusugan at Pangkaligtasan sa Pinagtatrabahuhan (Workplace Health and Safety)	10
	Ang Paggamit ng Isang Ahensya sa Pagtatrabaho (Employment Agency)	13
	Mga Impormasyon para sa mga Nagpapaupa at Nangungupahan (Landlords and Tenants)	13
	Kompensasyon para sa mga Manggagawa (Workers' Compensation)	15
	Personal na Impormasyon	17
■	Suporta ng Alberta para sa mga Pansamantalang Dayuhang Manggagawa	18
	Tanggapan ng Pagpapayo para sa Pansamantalang Dayuhang Manggagawa at Linya sa Pagtulong (Temporary Foreign Worker Advisory Office and Helpline)	18
	Serbisyo para sa Impormasyon ng Pag-iimigrante sa Alberta (Immigrate to Alberta Information Service)	20
	Mga Ahensyang Nagseserbisyo para sa Imigrante (Immigrant-Serving Agencies)	21
■	Programa para sa Pag-nomine sa Imigrante ng Alberta (Alberta Immigrant Nominee Program)	24
■	Mga Mapagkukunan ng Tulong	25

■ Panimula

Bilang isang pansamantalang dayuhang manggagawa (temporary foreign worker) sa Alberta, mayroon kang kaparehong mga karapatan at mga responsibilidad katulad ng ibang mga empleyado (employee) sa pinagtatrabahuhan. Ikaw ay protektado sa ilalim ng mga pamantayan sa pagtatrabaho (employment standards) ng Alberta, ang pangkalusugan at pangkaligtasan sa pinagtatrabahuhan at ang mga batas ng kompensasyon para sa mga manggagawa (worker's compensation legislation).

Ang impormasyong ito ay makatutulong sa iyo na maintindihan ang dapat asahan at kung saan makahahap ng mga karagdagang mapagkukunan ng tulong.

■ Programa para sa Pansamantalang Dayuhang Manggagawa (Temporary Foreign Worker Program)

Ang Programa para sa Pansamantalang Dayuhang Manggagawa ng pamahalang pederal ay pinahihintulutan ang mga nahirang na mga dayuhang manggagawa sa Canada na manatili sa ipinagkaloob na tamang panahon.

Mayroong tatlong mga departamento – Ang Pagkamamamayan at Imigrasyon ng Canada (Citizenship and Immigration Canada, CIC), Serbisyo ng Canada (Canada Service) at ang Ahensya ng mg Serbisyo para sa Hangganan ng Canada (Canada Border Services Agency, CBSA) ay magkakasamang nagsasagawa upang pamahalaan at ipagkaloob ang Programa para sa Pansamantalang Dayuhang Manggagawa.

Serbisyo ng Canada (Service Canada)

Ang Serbisyo ng Canada ay nagpo-proseso ng mga aplikasyon mula sa mga pinaglilingkuran (employer) para sa Mga Opinyon ng Merkado ng Trabaho (Labour Market Opinions, LMOs) at sinisigurado na ang lahat ng mga narapat na pangangailangan ay natugunan. Ang LMO ay isang opinyon na ipinagkaloob ng Serbisyo ng Canada sa mga pinaglilingkuran (employer) na nagtatasa sa mga maaaring kahihinatnan ng mga kahilingan para sa (mga) dayuhang manggagawa na nasa merkado ng trabaho ng mga Canadian. Ang mga Sentro para sa Serbisyo ng Canada (Service Canada Centres) ay nagpo-proseso ng mga kahilingan ng dayuhang manggagawa (mga aplikasyon ng LMO) sa bawâ't lalawigan.



Ang Seguro para sa Pagtatrabaho (Employment Insurance) ay nagkaloob ng pansamantalang suportang kita sa mga panahon ng walang trabaho. Ang mga pansamantalang dayuhang manggagawa ay kinakailangang tumugon rin sa kaparehong mga kahilingan katulad ng mga mamamayang Canadian at mga permanenteng residente.

Pagkamamamayan at Imigrasyon ng Canada (Citizenship and Immigration Canada)

Ang mga tanggapan ng CIC at ng bisa sa mga embahada ng Canadian (Canadian embassies), mga matataas na komisyon (high commissions) at mga konsulado (consulates) sa labas ng Canada ay nagpo-proseso ng mga aplikasyon para sa mga permiso sa pagtatrabaho upang malaman kung sinuman ang pahihintulutang magtrabaho sa Canada. Karamihan sa mga kaso, ang CIC ang unang nilalapitan ng mga dayuhang manggagawa na nais magtrabaho sa Canada, kahit na sa ibang mga pagkakataon, maaari silang mag-aplay ng permiso sa pagtatrabaho mula sa lugar daungan (port of entry).

Ahensya ng mga Serbisyo para sa Hangganan ng Canadian (Canada Border Services Agency)

Ang mga opisyal ng mga Serbisyo ng Hangganan (Border Services) ay pinipili ang mga dayuhang manggagawa sa tawiran ng hangganan at mga paliparan bago mag-isyu ng mga permiso para sa pagtatrabaho at payagang makapasok sa Canada. Nasa opisyal ng Serbisyo ng Hangganan ang huling pagpapasya kung sino ang maaaring makapasok sa Canada. Maaaring tanggihan ang pagpasok ng isang dayuhang manggagawa kung naniniwala silang hindi natugunan ng dayuhang manggagawa ang mga kahilingan ng *Batas para sa Imigrasyon at Proteksyon ng Refugee (Immigration and Refugee Protection Act)*.

Ang Pangkalahatang Impormasyon

Mga termino at mga kondisyon ng isang permiso sa pagtatrabaho

Kailangan mong sundin ang lahat ng mga termino at mga kondisyon ng iyong permiso sa pagtatrabaho. Ang isang permiso sa pagtatrabaho ay tumutukoy sa iyong pinaglilingkuran (employer), kung saan ka nagtatrabaho at ang uri ng iyong trabaho. Isinasaad rin dito kung gaano katagal ang bisa ng iyong permiso sa pagtatrabaho.

Ang pagpapalit ng mga kondisyon sa isang permiso sa pagtatrabaho

Bilang isang pansamantalang dayuhang manggagawa, maaari mong ipagpatuloy pa ang iyong pananatili, ang palitan ang mga kondisyon ng iyong pananatili, ang uri ng pansamantalang estado, o itama ang mga

problema ng iyong estado. Napakahalagang mag-aplay para sa iyong pagpapanibago (renewal) bago pa mapaso ang iyong kasalukuyang dokumentasyon. Makakakuha ng mga aplikasyon mula sa www.cic.gc.ca, o sa pagtawag sa **1-888-242-2100**.

Terminasyon

Kung hindi mo natugunan ang mga inaasahan ng pinaglilingkuran (employer) na siyang nakabalangkas sa kontrata ng trabaho, may karapatan ang iyong pinaglilingkuran na tapusin ang iyong pagtatrabaho. Alinman sa mga ito, siguradong pagkakalooban ka ng mensahe ng terminasyon (notice of termination), o babayaran sa halip na mensahe.

Seguro para sa Pagtatrabaho (Employment Insurance)

Ang Seguro para sa Pagtatrabaho ay nagkakaloob ng pansamantalang suportang kita sa mga panahon ng walang trabaho. Ang mga pansamantalang dayuhang manggagawa ay kinakailangang tumugon rin sa kaparehong mga kahilingan katulad ng mga mamamayang Canadian at mga permanenteng residente.

Para sa mga karagdagang impormasyon sa Programa ng Seguro para sa Pagtatrabaho (Employment Insurance Program), bumisita sa www.servicecanada.gc.ca, o tumawag sa libreng linya sa **1-800-206-7218**.

Ang paghahanap ng panibagong pagtatrabahuhan

Maaari mong piliin anumang oras ang maghanap ng panibagong paglilingkuran (employer). Gayunpaman, kailangang kumuha ng LMO ang iyong bagong paglilingkuran at kakailanganin mo ring mag-aplay ng isang panibagong permiso sa pagtatrabaho na nagsasaad ng iyong bagong paglilingkuran, lokasyon at/o deskripsyon ng trabaho.

Ang pagpapabalik sa isang pansamantalang dayuhang manggagawa sa kaniyang bansa

Ikaw ay may karapatang manatili sa Canada sa buong termino ng iyong permiso sa pagtatrabaho. Ang isang pinaglilingkuran (employer) o ahensya sa pagtatrabaho (employment agency) ay hindi ka maaaring puwersahing bumalik sa iyong bansa kung natapos na ang iyong kontrata sa kasalukuyang trabaho ngunit hindi pa nagtatapos ang iyong permiso sa pagtatrabaho, o kung naisipan mong maghanap ng ibang paglilingkuran.

Ang pagre-report ng mga paglabag

Labag sa batas para sa isang pinaglilingkuran (employer) ang mang-api at manakot na ikaw ay pababalikin sa iyong bansa huwag lamang isusumbong ang mga paglabag nito. Ang isang pinaglilingkuran (employer) o ahensya sa pagtatrabaho (employment agency) na gumawa nito ay maaaring managot sa ilalim ng Batas Pang-kriminal (Criminal Code). Upang mag-report ng ganitong uri ng pang-aabuso, tumawag sa Linya ng Pagtulong para sa Pansamantalang Dayuhang Manggagawa (Temporary Foreign Worker Helpline) sa **1-877-944-9955**.

Ang paggamit ng isang kinatawan

Kung nadesisyunan mong gumamit ng isang kinatawan upang tulungan ka sa iyong aplikasyon para sa isang permiso sa pagtatrabaho (work permit), ikaw pa rin ang may responsibilidad para sa kawastuhan ng mga impormasyong isinasaad dito. Upang makakuha ng mga karagdagang impormasyon tungkol sa paggamit ng mga kinatawan, bisitahin ang **www.cic.gc.ca** tumawag sa **1-888-242-2100**.

Serbisyo ng Canada (Service Canada)

www.hrsdc.gc.ca/eng/workplaceskills/foreign_workers/index.shtml

Pagkamamamayan at Imigrasyon ng Canada
(Citizenship and Immigration Canada, CIC)

www.cic.gc.ca | **1-888-242-2100**

■ Ang mga Dapat Malaman ng mga Empleyado sa Alberta

Mga Pamantayan sa Pagtatrabaho (Employment Standards)

Ang mga pamantayan sa pagtatrabaho ay mga pinakamababang pamantayan sa pagtatrabaho para sa mga pinaglilingkuran at mga empleyado sa pinagtatrabahuan.

Ang iyong pinaglilingkuran (employer) ay nagsagawa ng kasunduan sa iyo at sa pamahalaan na maglalaan sa iyo ng trabaho. Ang kasunduan ay magkakaloob sa iyo ng maraming impormasyon kasama ng halaga ng

iyong kikitain. Kinakailangang tugunan ng pinaglilingkuran ang lahat ng mga kondisyon na nasa kasunduan.

Kung kinakailangan para sa kasunduan na ang iyong pinaglilingkuran ang magbabayad ng iyong gastusin sa pamasahe sa eroplano, pangangalagang pangkalusugan at tutuluyan, hindi maaaring singilin ang mga ito pabalik ng pinaglilingkuran sa pamamagitan ng pagbawas sa iyong kinikita. Ang iyong pinaglilingkuran ay hindi maaaring singilin sa iyo ang mga gastusing may kaugnayan sa paggamit nito ng isang ahensya sa pagtatrabaho. Ang iyong pinagtatrabahuhan ay hindi maaaring ibawas ang lahat ng ito mula sa iyong kinikita, kahit na nagkaloob ka pa ng isang kasulatan na nagbibigay permiso dito.

Kailan at paano ako mababayaran?

Ang mga pinaglilingkuran ay nararapat na mayroong regular na mga periyod ng pagpapasahod katulad ng tuwing linggo, tuwing ikalawang linggo o isang beses sa bawa't buwan. Kailangan kang bayaran sa loob ng sampung araw matapos ang katapusan ng bawa't periyod ng pagpapasahod. Maaari kang bayaran ng cash, ng tseke o money order, o direktang idideposito sa iyong bangko.

Mga pagbabawas sa iyong mga kinikita

Ang *Batas ng Pamantayan sa Pagtatrabaho (Employment Standards Code)* ay nagpapahintulot sa mga tiyakang pagbabawas mula sa iyong mga kinikita. Ito ang mga pagbabawas para sa iyong income tax, Canada Pension Plan at Employment Insurance. Kung mayroon mang iba pang nais ibawas ang iyong pinagtatrabahuhan, kailangan mong magkaloob muna ng kasulatan ng permiso.

Mayroong mga pagbabawas ang hindi pinapayagan, kahit na mayroon pang kasulatan ng permiso mula sa iyo. Ang mga pinaglilingkuran ay hindi maaaring magbawas dahilan sa mga pagkakamali mo sa pagtatrabaho. Gayundin, hindi sila maaaring magbawas dahilan sa kakulangan ng cash o pagkawala ng ari-arian lalo kung higit pa sa isang tao ang mayroong access sa cash o ari-arian.

Hindi maaaring singilin sa iyo ng iyong pinaglilingkuran ang mga karagdagang gastusin sa pagbili, pagpapalinis at pagpapanatili ng mga kasuotan sa pagtatrabaho at mga uniporme. Mayroon ring mga limitasyon sa mga rate kung magkano ka maaaring singilin ng iyong pinaglilingkuran sa tirahang ipinagkaloob sa iyo. Para sa kasalukuyang mga rate sa kuwartong paupahan o pangangasera, bumisita sa **www.employment.alberta.ca/es**.

Mga oras ng trabaho

- Ang araw ng iyong pagtatrabaho ay hindi dapat lumagpas sa mga 12 na oras.
- Kailangan kang bigyan ng humigit kumulang na mga 30 minuto ng pahinga sa bawat rilyebo ng trabaho na hihigit sa mga limang oras.
- Kailangan kang bigyan ng isa man lamang na araw ng pahinga sa bawat buong linggo ng iyong trabaho.

Overtime at bayad sa overtime

Karamihan sa mga industriya, ang overtime ay ang mga oras na humigit sa walong oras sa isang araw ng mga 44 oras sa isang linggo. Kung ikaw ay binabayaran ng lingguhan, buwanan, o taunang sahod, kikita ka ng mga benepisyong pang-overtime sa mga sobrang oras na iyong pinagtrabahuhan.

Ang bayad sa overtime ay maaaring sa rate ng humigit kumulang na 1.5 na beses ng iyong regular na kita, o maaaring sumang-ayon ang iyong pinaglilingkuran na kapalit ng overtime na ito ay ang bayad na araw para sa hindi pagpasok (isang araw ng walang pasok, halimbawa).

Ang Pamantayan sa Pagtatrabaho (Employment Standards) ay nagsasagawa ng pagi-inspeksyon sa pagpapasahod sa maraming mga pinagtrabahuhan, kasama na ang mga pansamantalang dayuhang manggagawa, upang siguraduhing nababayaran nang maayos ang mga empleyado.

Mga pangkalahatang holiday

Ang *Batas ng Pamantayan sa Pagtatrabaho (Employment Standards Code)* ay nagtakda ng mga siyam na araw bilang mga pangkalahatang holiday sa Alberta. Para sa kumpletong talaan ng mga petsang ito at karapat-dapat na mga kahilingan, bumisita sa **www.employment.alberta.ca/es**.

Mga bakasyon at bayad sa bakasyon

Ang mga bakasyon at mga bayad sa bakasyon ay pasadyang isinagawa upang masigurado na sa bawat taong mayroong pahinga ang mga empleyado na hindi nababawasan ang kinikita. Matapos ang isang taon ng



Kung sinuman ang puwersahin kang magtrabaho na sa palagay mo ay hindi ligtas, ito ay labag sa batas. Kung sakaling may posibilidad na panganib (imminent danger), kailangan mong tanggihan ang trabaho. Ang ibig sabihin ng imminent danger ay kung anumang panganib na hindi pangkaraniwan para sa iyong trabaho.

pagtatrabaho, ikaw ay karapat-dapat na magkaroon ng dalawang linggo man lamang na pahinga ng may bayad.

Maternity at pagliban pang-magulang

Ang mga empleyadong kwalipikado ay nararapat para sa isang periyod ng pagliban para sa maternity at/o pagliban pang-magulang ng walang bayad. Kailangan mo ng mga 52 na sunod-sunod na mga linggo ng pagtatrabaho sa iyong pinagtatrabahuan upang maging karapat-dapat para sa maternity at/o pagliban pang-magulang. Sa pagtatapos ng pagliban, nararapat lamang na ikaw ay makabalik sa iyong orihinal, o kaparehong trabaho.

Terminasyon ng pagtatrabaho at tanggalan

May karapatan kang tapusin ang iyong pagtatrabaho sa isang pinaglilingkuran at mayroon rin silang karapatan na tapusin ang iyong pagtatrabaho. Ang mga karapatan na ito, gayunpaman, ay kaakibat ang mga responsibilidad. Ang pangunahing responsibilidad ay ang pagkakaloob ng tamang mensahe. Ang tagal ng mensahe na dapat mong ihain ay depende sa kung gaano ka katagal nagtrabaho sa posisyong ito at dapat ilagay ito sa panulat.

Alin man sa inyo ng iyong pinaglilingkuran ang dapat na magbigay ng mensahe ng terminasyon sa unang tatlong buwan ng pagtatrabaho. Para sa mga pagtatrabahuan na higit pa sa tatlong buwan, ngunit kulang ng dalawang taon, ang tunay na mensahe ay isang linggo lamang. Kailangang bayaran muna ng iyong pinaglilingkuran ang lahat ng iyong kinita sa loob ng sampung araw kasunod ng terminasyon ng pagtatrabaho. Ang panghuling araw para makuha mo ang iyong panghuling kabayaran ay depende kung kinailangan ng mensahe.

Maaari kang pansamantalang tanggalin (lay off) ng iyong pinaglilingkuran hanggang sa mga 59 araw ng walang mensahe ng terminasyon. Gayunpaman, kung hindi ka tinawagan ng iyong pinaglilingkuran bago dumating ang ika-60 na araw, kailangan kang bigyan ng isang mensahe ng terminasyon o kabayaran sa terminasyon.

Kung hindi ka magbabalik sa trabaho sa loob ng pitong araw matapos matanggap ang isang mensahe para sa pagpapabalik, hindi na kailangan pa ng iyong pinaglilingkuran ang magpadala ng isang mensahe ng terminasyon o kabayaran sa terminasyon.

Para sa mga karagdagang impormasyon tungkol sa mga Pamantayan sa Pagtatrabaho ng Alberta (Alberta Employment Standards), o upang mag-file ng isang reklamo:

Sa lugar ng Edmonton: **780-427-3731**

Libreng linya sa Canada: **1-877-427-3731**

Bumisita sa: **www.employment.alberta.ca/es**

Ang mga reklamo ay kailangang isagawa sa loob ng anim na buwan ng hindi pagbabayad o sa huling araw ng pagtatrabaho. Ang batas ay nililimitahan ang pagbawi ng mga sahod at overtime na hanggang sa huling anim na buwan lamang ng pagtatrabaho, at ang bayad sa bakasyon at bayad sa pangkalahatang holiday ay hanggang sa huling dalawang taon lamang ng pagtatrabaho.

Pangkalusugan at Pangkaligtasan sa Pinagtatrabahuan (Workplace Health and Safety)

Ang *Batas sa Pangkalusugan at Pangkaligtasan sa Hanapbuhay (Occupational Health and Safety Act, OHS Act)* ay naglalaman ng mga batas upang protektahan at palakasin ang pangkalusugan at pangkaligtasan ng mga manggagawa sa buong Alberta. Nakabalangkas dito ang mga responsibilidad ng mga pinaglilingkuran gayundin ang para sa mga manggagawa.

Ang mga karapatan at responsibilidad ng mga empleyado

May karapatan ka sa isang malusog at ligtas na pinagtatrabahuan. Bilang isang manggagawa, ang Batas ng *OHS* ay humihiling sa iyo na magtrabaho na mayroong isang malusog at ligtas na pag-uugali at ang makisama sa iyong pinaglilingkuran sa pamamagitan ng pagsunod sa mga patakaran para sa pangkalusugan at pangkaligtasan sa lugar ng trabaho.

Mayroong mga mahahalagang kahilingan na pangkalusugan at pangkaligtasan ang kailangan mong sundin. Halimbawa, maaaring hilingin sa iyong gumamit ng isang harness pangkaligtasan o kaparehong kagamitan sa pagsasagawa ng mga mahahalagang uri ng trabaho. Maaari mo ring gumamit ng mga personal na kagamitan pamproteksyon katulad ng mga boots na pangkaligtasan (safety boots), salaming pangkaligtasan (safety glasses), panakip ng tenga (ear plugs) at isang matigas na

sombrero (hard hat), kung kinakailangan. Responsibilidad mo ang sumunod sa mga patakaran. Kung hindi mo naiintindihan, magtanong lamang.

Sampung mga katanungan para itanong sa iyong pinaglilingkuran tungkol sa pangkalusugan at pangkaligtasan sa iyong pinagtatrabahuhan.

1. Ano ang mga peligro sa aking trabaho?
2. Mayroong bang mga panganib o peligro na dapat kong malaman?
3. Makakakuha ba ako ng pagsasanay sa trabaho?
4. Mayroon ba kayong mga pagtitipon para sa pangkalusugan at pangkaligtasan?
5. Mayroon bang kagamitang pamproteksyon na dapat kong gamitin at tatanggap ba ako ng pagsasanay sa paggamit nito?
6. Ipagsasanay ba ako para sa mga pamamaraang emerhensya (halimbawa sa sunog o mga natapong kemikal)?
7. Saan nakalagay ang mga gamit para pamatay ng apoy (fire extinguishers), first aid kits at iba pang mga kagamitang pang emerhensya?
8. Ano ang aking gagawin sakaling masaktan? Sino ang first aid na taong malalapitan?
9. Ano ang aking mga responsibilidad para sa pangkalusugan at pangkaligtasan?
10. Sino ang dapat kong tanungin kung mayroon akong mga katanungan tungkol sa pangkalusugan at pangkaligtasan?

Kung sinuman ang puwersahin kang magtrabaho na sa palagay mo ay hindi ligtas, ito ay labag sa batas. Kung sakaling may posibilidad na panganib (imminent danger), kailangan mong tanggihan ang trabaho. Ang ibig sabihin ng imminent danger ay kung anumang panganib na hindi pangkaraniwan para sa iyong trabaho.

Hindi ka maaaring tanggalin o patalsikin ng iyong pinaglilingkuran dahil lamang sa pagtangi mong gumawa ng mapanganib na trabaho.

Kung mayroon kang alalahanin tungkol sa iyong pinagtatrabahuhan, o kailangan ng tulong, tumawag sa Sentrong Malalapitan para sa Pangkalusugan at Pangkaligtasan sa Pinagtatrabahuhan (Workplace Health and Safety Contact Centre) sa **1-866-415-8690**.

Mga Responsibilidad ng Pinaglilingkuran

Tungkulin ng iyong pinaglilingkuran ang bantayan ang iyong kalusugan at kaligtasan. Sila ay kailangang magkumpleto ng isang pagtatasa sa peligro (hazard assessment) na siyang malinaw na nagpapakilanlan ng mga peligro at mga panganib sa lugar ng trabaho. Kung napagkilanlan na, kailangang tanggalin o kontrolin ang panganib na ito. Maaaring kasangkot dito ang mga pagbabago ng kagamitan o kakailanganin para sa mga patakaran at alituntunin upang masigurong ligtas ang iyong trabaho. Ang impormasyong ito ay nararapat na ibahagi. Ang impormasyong ito ay dapat na ibahagi sa lahat ng mga manggagawa.

Ang iyong pinaglilingkuran ay dapat:

- Siguraduhing mayroon kang mga kinakailangang pagsasanay, kwalipikasyon at karanasan para sa trabaho.
- Ipaalam sa iyo ang lahat ng mga panganib sa pangkalusugan at pangkaligtasan sa trabaho.
- Siguraduhing mayroon ka ng lahat ng mga kagamitan at kasangkapan, katulad ng mga personal na kagamitan pamproteksyon para sa pagsasagawa ng iyong trabaho.
- Siguraduhing nalalaman mo kung paano gamitin ang mga kasangkapan.
- Sanayin ka kung paano panghawakan ang mapanganib na mga produkto.
- Mag-imbetiga sa anumang mga insidente na naging sanhi ng mga kapinsalaan, gayundin ang mga insidente na kamuntik nang maging sanhi ng kapinsalaan.

Ikaw ay hinihimok na alamin pa ang mga tungkol sa iyong mga karapatan at mga responsibilidad sa pamamagitan ng pagbisita sa www.employment.albert.ca/whs

Ang paggamit ng isang ahensya ng pagtatrabaho (employment agency)

Bilang isang pansamantalang dayuhang manggagawa na nagpapalano, o kasalukuyang nagtatrabaho sa Alberta, maaaring iniisip mong gamitin ang mga serbisyo ng isang ahensya sa pagtatrabaho upang mahanapan ka ng trabaho. Sinisingil ng mga ahensya sa pagtatrabaho ang pinaglilingkuran para sa kabayaran sa pagkuha ng manggagawa. Ang kabayaran na ito ay pinagkasunduan sa pagitan ng pinaglilingkuran at ng ahensya sa pagtatrabaho. Hindi dapat singilin ng pinaglilingkuran ang gastos ng serbisyo ng ito mula sa empleyado. Nagkakamali ang sinumang ahensya na magsasabing ito ay posibleng gawin. **Ang mga kabayaran upang makahanap ng trabaho ay hindi dapat singilin mula sa may potensyal o nakuhang mga manggagawa.**

Para sa mga karagdagang impormasyon, sumangguni sa Serbisyo ng Alberta (Service Alberta):

Sa lugar ng Edmonton: **780-427-4088**

Libreng linya sa Alberta: **1-877-427-4088**

Mga impormasyon para sa mga nagpapaupa at nangungupahan

Sa Alberta, ang *Batas para sa Mga Nangungupahan ng Residensyal (Residential Tenancies Act)* ay nakaukol sa karamihan sa mga taong nangungupahan. Ang batas na ito ay nagtatalaga ng mga karapatan at mga responsibilidad na nakaukol sa mga nagpapaupa at mga nangungupahan, kasama ang mga pinaglilingkuran na nagkakaloob ng matitirhan at mga empleyado na ang pinaglilingkuran ay may paupahan.



Ang Tanggapan ng Pagpapayo para sa Pansamantalang Dayuhang Manggagawa at Linya sa Pagtulong sa Pansamantalang Dayuhang Manggagawa (Temporary Foreign Worker Advisory Office and Helpline) ay tutulong upang malaman mo ang iyong mga karapatan at mahanap ang mga solusyon para sa mga sitwasyong hindi patas, hindi ligtas o hindi malusog na mga kondisyon sa trabaho.

Nangungupahan ka man ng isang suite, isang silid sa tahanan ng iba o nakikibahagi ng tinutuluyan, siguraduhin na naiintindihan ang mga patakaran na nakaukol sa iyong sitwasyon. Iba't-ibang mga espasyong pinauupahan ay mayroong iba't-ibang mga patakaran.

Ang lahat ng mga kasunduan para sa pangungupahan ay kailangang nakapanulat, pirmado ng nagpapaupa, at nagsasaad ng mga detalye tungkol sa mga responsibilidad ng nagpapaupa at nangungupahan, katulad ng deposito pang-seguridad (security deposit), mga pagi-inspeksyon, mga gastusin sa upa at mga mensahe ng terminasyon.

Para sa mga karagdagang impormasyon, sumangguni sa Serbisyo ng Alberta (Service Alberta):

Sa lugar ng Edmonton: **780-427-4088**

Libreng linya sa Alberta: **1-877-427-4088**

Para sa mga papel ng tip sa mga isyu tungkol sa mamimili at nangungupahan, bumisita sa **www.servicealberta.ca**

Kompensasyon para sa mga Manggagawa (Workers' Compensation)

Ang Lupon ng Kompensasyon para sa Manggagawa (Workers' Compensation Board, WCB) – Alberta ay nagkakaloob ng tulong kung ikaw ay napinsala sa trabaho. Bilang isang pansamantalang dayuhang manggagawa, ikaw ay pinatutunguhan katulad ng pakitungo sa ibang manggagawa sa Alberta. Kung ang iyong pinaglilingkuran ay sakop ng *Batas ng Kompensasyon para sa mga Manggagawa (Workers' Compensation Act)*, ang iyong benepisyo ay magsisimula sa umpisa ng iyong trabaho sa Alberta. Tanungin ang iyong pinaglilingkuran kung mayroon silang benepisyo ng Kompensasyon para sa mga Manggagawa (Workers' Compensation).

Dapat mayroon ang mga pinaglilingkuran ng poster na ito kung saan ay madaling makikita ng mga empleyado. Isinasaad sa poster kung maaaring i-report ang anumang pinsala sa trabaho.



Narapat lamang na ipaliwanag ng iyong pinaglilingkuran ang iyong mga tungkulin sa trabaho, mga kondisyon sa pagtatrabaho at mga responsibilidad para sa pagsasanay ng isang ligtas na pagtatrabaho. Dapat mong malaman kung paano gumagana ang WCB kung ikaw ay napinsala, kung paano mo maipadadala ang iyong claim.

Kung ikaw ay napinsala at makagagawa pa rin ng magaan na mga tungkulin (modified work) at ito ay pinapayagan sa iyong permiso, ang iyong pinaglilingkuran ay mabibigyan ka ng mga magaan na tungkulin. Mananatili kang makapagtatrabaho hanggang bumuti na ang iyong lagay.

Hangga't maaari, hinihiling sa mga pinaglilingkuran na isama ang opsyon na modified work sa kanilang mga kauna-unahang aplikasyon para sa permiso sa pagtatrabaho.

Kung ikaw ay napinsala sa trabaho:

- Sabihin agad sa iyong pinaglilingkuran.

- Ito ay kailangang i-report kaagad ng iyong pinaglilingkuran sa WCB kung ikaw ay:
 - Nangangailangan ng tulong pang-medikal kaysa sa first aid.
 - Hindi na magagampanan pa ang iyong trabaho matapos ang insidente.
- Sabihin sa doktor na ikaw ay napinsala sa trabaho.
- Sabihin sa WCB. Kumpletuhin ang isang pormularyo ng Report para sa Kapinsalaan (Report of Injury form) at ipadala ito sa WCB kaagad. Maaari kang makakuha ng mga pormularyo mula sa iyong pinaglilingkuran, o sa isang tanggapan ng WCB o sa **www.wcb.ab.ca**.

Upang makapanayam ang Workers' Compensation Board:

Libreng linya sa Alberta: **1-866-WCB-WCB1 (1-866-922-9221)**

Sa labas ng Alberta: **1-800-661-9608**

Email: **contactcentre@wcb.ab.ca**

Bumisita sa: **www.wcb.ab.ca**

Personal na Impormasyon

Mga karapatang pamribado (Privacy rights)

Ang *Batas para sa Proteksyon ng Personal na Impormasyon (Personal Information Protection Act, PIPA)* ay pino-protektahan ang mga impormasyong pinanghahawakan ng mga organisasyon na pribadong sektor sa Alberta sa pamamagitan ng pagtatalaga ng mga patakaran kung paano kolektahin, gamitin at ibahagi ng mga organisasyon ang personal na impormasyon. Para sa mga pansamantalang dayuhang manggagawa at mga imigrante, ang *PIPA* ay para sa mga pinaglilingkuran at mga ahensya sa pagtatrabaho na namamalakad sa Alberta. Kung hindi magampanan ng mga organisasyon ang pagprotekta sa mga personal na impormasyong ito o ipinagwalang-bahala ang mga patakaran sa pangongolekta, paggamit at pagbahagi ng mga personal na impormasyon na nakasaad sa *PIPA*, maaaring magpadala ng reklamo ang sinumang indibidwal sa Tanggapan ng Komisionado para sa Impormasyon at Pamribado ng Alberta (Office of the Information and Privacy of Alberta).

Halimbawa – Posibleng pamribadong reklamo (privacy complaint)

Si Alina, isang pansamantalang dayuhang manggagawa mula sa Pilipinas, sumang-ayon na magtatrabaho bilang isang katulong na tagapag-alaga (domestic care-giver) para sa isang pamilya sa Alberta. Matapos marating ang trabaho, hiniling ng pinaglilingkuran ni Alina ang kanyang pasaporte upang itago. Inusisa ni Alina ang kanyang pinaglilingkuran sa kahilingan nito. Sinabihan si Alina na kung tatanggi siya sa kahilingan, siya ay pauuwiin sa Pilipinas. Nilapitan ni Alina ang RCMP at ang Tanggapan ng Komisyonado para sa Impormasyon at Pamribado ng Alberta (Office of the Information and Privacy Commissioner of Alberta) upang malaman kung maaari siyang magreklamo.

Upang malapitan ang Tanggapan ng Komisyonado para sa Impormasyon at Pamribado ng Alberta (Office of the Information and Privacy Commissioner, OIPC):

Tanggapan sa Calgary
2460, 801 – 6th Avenue S.W.
Calgary, AB T2P 3W2
403-297-2728

Tanggapan sa Edmonton
410, 9925 – 109th Street
Edmonton, AB T5K 2J8
780-422-6860

Libreng linya sa Alberta: **1-888-878-4044**
Visit: **www.oipc.ab.ca**

■ Suporta ng Alberta para sa mga Pansamantalang Dayuhang Manggagawa (Alberta's Support for Temporary Foreign Workers)

Tanggapan ng Pagpapayo para sa Pansamantalang Dayuhang Manggagawa at Linya sa Pagtulong (Temporary Foreign Worker Advisory Office and Helpline)

Ang Tanggapan ng Pagpapayo para sa Pansamantalang Dayuhang Manggagawa at Linya sa Pagtulong sa Pansamantalang Dayuhang Manggagawa ay tutulong upang malaman mo ang iyong mga karapatan at mahanap ang mga solusyon para sa mga sitwasyong hindi patas, hindi ligtas o hindi malusog na mga kondisyon sa trabaho.

Ang mga Tanggapan ng Pagpapayo (Advisory Offices) ay matatagpuan sa Calgary at Edmonton. Ang dalawang tanggapan na ito ay matatagpuan sa mga ruta ng transportasyong pampubliko para sa madaliang pagsakay. Ang mga pansamantalang dayuhang manggagawa ay maaaring sumangguni sa tanggapan ng pagpapayo sa pamamagitan ng pagtawag o sa pagbisita ng personal.

Matapos mapag-alaman ang iyong pangangailangan, ang mga serbisyong ipinagkakaloob ng Tanggapan sa Pagpapayo (Advisory Office) ay kasama ang:

- Pagkakaloob ng tulong sa pagkuha at pagkumpleto ng mga pormularyo.
- Pagtulong sa pakikipagkomunikasyon sa maramihang mga serbisyo para sa reklamo.
- Pakikipagtulungan sa mga magkasamang pederal at industriya upang makahanap ng mga solusyon para sa mga sitwasyong hindi patas, hindi ligtas at hindi malusog na mga kondisyon sa trabaho.
- Pagsasagawa kaagapay ng mga ahensyang nagseserbisyo para sa imigrante (immigrant-serving agencies) sa buong lalawigan upang makatulong sa mga pansamantalang dayuhang manggagawa na nagtatrabaho sa Alberta.

Ang mga alegasyon tungkol sa hindi patas na pagtrato ay higit na siniseryoso at ang lahat ng mga reklamo mula sa mga pansamantalang dayuhang manggagawa ay inihaharap para sa imbestigasyon.

Upang malapitan ang Tanggapan ng Pagpapayo para sa Pansamantalang Dayuhang Manggagawa (Temporary Foreign Worker Advisory Offices), Lunes – Biyernes:

Lokasyon sa Hilaga (Edmonton)
3rd Floor, City Centre
10242 - 105 Street
Edmonton, AB T5J 3L5
780-644-2584

Lokasyon sa Timog (Calgary)
3rd Floor, JJ Bowlen Building,
620 - 7th Avenue S.W.
Calgary, AB T2P 0Y8
403-476-4540

Upang malapitan ang Linyan sa Pagtulong sa Pansamantalang Dayuhang Manggagawa (Alberta Temporary Foreign Worker Helpline):

Sa lugar ng Edmonton: **780-644-9955**
Sa buong mundo: **1-877-944-9955**
Email: **tfwadvisory.office@gov.ab.ca**

Serbisyo para sa Impormasyon ng Pag-iimigrante sa Alberta (Immigrate to Alberta Information Service)

Ang impormasyon sa Pag-iimigrante sa Alberta at iba pang serbisyong nagrerekomenda ay nagkakaloob ng mga impormasyon kung paano magtrabaho sa Alberta, gayundin ang permanenteng imigrasyon at pansamantalang paninirahan sa Alberta. Malalapitan ang serbisyo sa pamamagitan ng email o telepono na ginagamit rin ng mga pinaglilingkuran sa Alberta, mga pansamantalang dayuhang manggagawa at ang pangkalahatang publiko.

Ang Serbisyo para sa Impormasyon ng Pag-iimigrante sa Alberta (Immigrate to Alberta Information Service) ay mayroong mga kawani na may kaalaman at sinanay ng mga Dalubhasa sa Pang-ekonomiyang Imigrasyon (Economic Immigration Service) na nakahandang sumagot sa mga pagsisiyasat at nagkakaloob ng impormasyon tungkol sa malawakang mga paksa katulad ng:

- Programa para sa Pag-nomine sa Imigrante ng Alberta, (Alberta Immigrant Nominee Program, AINP):
 - Mga karapat-dapat na criteria ng empleyado at pinaglilingkuran sa ilalim ng AINP.
 - Mga hakbang at proseso para sa paga-aplay sa AINP.
- Mga Opinyon ng Merkado ng Trabaho (Labour Market Opinions, LMOs).
- Mga permiso sa pagtatrabaho.
- Serbisyong Pagtatasa ng Mga Internasyonal na Kwalipikasyon (International Qualifications Assessment Service, IQAS).
- Ang pagkilanlan sa mga kwalipikasyon ng dayuhan at ang pagtatasa ng mga kredensyal.
- Pangkalahatang impormasyon sa opsyon para sa permanente at pansamantalang imigrasyon.

Upang malapitan ang Serbisyo para sa Impormasyon ng Pagi-imigrante sa Alberta (Immigrate to Alberta Information Service), Lunes – Biyernes:

Libreng linya sa Alberta: **1-877-427-6419**

Sa labas ng Alberta: **780-427-6419**

I-email ang pormularyo sa: **www.AlbertaCanada.com/info**

Bumisita sa: **www.AlbertaCanada.com/immigration**

Mga Ahensyang Nagseserbisyo para sa Imigrante (Immigrant-Serving Agencies)

Upang matulungan kang makapanirahan at matutuhan ang pamumuhay sa Alberta, maaari mong lapitan ang isang lokal na ahensyang nagseserbisyo para sa imigrante (immigrant-serving agency). Kasama sa mga serbisyo ang:

- Praktikal na pamamatnubay sa pang-araw-araw na pamumuhay at pag-aangkop sa komunidad, katulad ng paggamit ng transit na pampubliko, kung paano makahanap ng mga samahan ng relihiyon at kultura at ang pangkalahatang impormasyon sa buhay sa Alberta.
- Panimulang mga serbisyo sa interpretasyon.

May pitong mga ahensiyang nagbibigay-lingkod sa mga imigrante sa Alberta na naghahandog ng mga serbisyo sa mga pansamantalang dayuhang manggagawa.

Calgary

Katolikong Kapisanang Imigrasyon ng Calgary

3rd Floor, 120 – 17 Avenue S.W. Calgary, AB T2S 2T2

403-262-2006 www.ccis-calgary.ab.ca

Edmonton

Katolikong Paglilingkod na Panlipunan (sa pakikipag-anib sa Sentro ng Edmonton Mennonite para sa mga Bagong-dating

10709 – 105 Street, Edmonton, AB T5H 2X3

780-424-3545 www.catholicsocialservices.ab.ca



Repasuhin ang iyong permiso sa pagtatrabaho upang pagtibayin at malaman ang ganap na kawastuhan kasama ng iyong pangalan at petsa ng kapanganakan, ang pangalan ng iyong pinaglilingkuran, lokasyon ng iyong trabaho, at ang uri ng trabaho na iyong ginagawa.

Brooks

Paglilingkod-Imigrasyon ng Brooks at County (Isang proyekto ng Katolikong Kapisanang Imigrasyon ng Calgary)

Bay 2 – 500 Cassils Road, Brooks, AB T1R 1B5

403-362-0404 www.ccis-calgary.ab.ca

Banff

Katolikong Paglilingkod-Imigrasyon ng Calgary

Banff Town Hall, 110 Bear Street, Banff, AB T1L 1A1

403-762-1254 www.ccis-calgary.ab.ca

Fort McMurray

Y.M.C.A. - Paglilingkod para sa Pamayanang Imigrante 201,10011

Franklin Avenue, Hill Building, Fort McMurray, AB T9H 2K6 **780-743-2970**

www.ymca.woodbuffalo.org

Lethbridge

Paglilingkod na Pampamilya ng Lethbridge

701-2 Avenue South, Lethbridge, AB T1H 0E6

403-320-1589 www.lethbridge-family-services.com

Red Deer

Katolikong Paglilingkod na Panlipunan

202, 5000 Gaetz Avenue, Red Deer, AB T4N 6C2

403-346-8818 www.catholicsocialservices.ab.ca

Malugod namin kayong tinatanggap sa Alberta: Ang Impormasyon para sa mga Bagong Dating (Information for Newcomers)

Ang paglipat sa ibang bansa ay maaaring maging nakatutuwa at nakababahala. Malugod namin kayong tinatanggap sa Alberta: Ang Impormasyon para sa mga Bagong Dating (Information for Newcomers) ay nagkaloob ng impormasyon tungkol sa iyong unang mga linggo at mga buwan sa Alberta na sadyang makatutulong sa iyong paninirahan sa iyong komunidad. Kasama sa mga paksa ay ang mga paninirahan, pangangalagang pangkalusugan, klima, pagbabangko, transportasyon at mga kustom panlipunan. Nakatala rin sa giyang ito ang mga pangunahing malalapitan. I-download o humiling ng publikasyon sa www.alis.alberta.ca/publications

■ Programa para sa Pag-nomine sa Imigrante ng Alberta (Alberta Immigrant Nominee Program)

Kung ikaw ay pansamantalang dayuhang manggagawa na umaasang maging permanenteng tirahan ang Alberta, maaari kang maging karapat-dapat at makapagpadala ng iyong aplikasyon sa Programa para sa Pag-nomine sa Imigrante ng Alberta (Alberta Immigrant Nominee Program, AINP) upang makakuha ng estadong permanenteng residente sa Canada.

Hindi lahat ng okupasyon ay karapat-dapat sa ilalim ng programang ito. Hindi rin lahat ng mga nagtatrabaho bilang pansamantalang dayuhang manggagawa sa Alberta ay kwalipikado. Repasuhing mabuti ang lahat ng criteria bago ipadala ang aplikasyon:

Ikaw Ba ay Karapat-dapat sa Pagkakaroon ng Permanente Tirahan sa Alberta?

Ang sumusunod na mga hakbang ay ipinakikita kung paanong nagsasagawa ang AINP at kung paano mo malalapitan ang programa.

1. Bisitahin ang website ng AINP sa **www.AlbertaCanada.com/ainp**.
2. Saliksikin ang mga iba't-ibang sanga at mga kategorya ng programa upang malaman kung natugunan mo na ang karapat-dapat na criteria.
 - **Employer-Driven Stream:** Para sa mga kandidatong may kakayahan o may mga napiling okupasyong na may kaunting kakayahan at mayroong permanente, full-time na trabaho sa isang pinaglilingkuran sa Alberta.
 - **Strategic Recruitment Stream:** Para sa mga kandidato sa mga piniling okupasyon na higit na kailangan sa Alberta.
 - **Family Stream:** Para sa mga kandidato na mayroong malalapit na kamag-anak sa Alberta na makatutulong sa kanila sa paninirahan sa Alberta.
3. Kung natugunan mo na ang lahat ng mga criteria ng AINP, maaari ka nang magkumpleto ng aplikasyon. Siguraduhin na isasama mo ang lahat ng mga kailangang dokumento dahil kung hindi ay ibabalik ang aplikasyon sa iyo. Kung hindi mo natugunan ang criteria, ito ay tatanggihan.

4. Ipadala sa koreo ang iyong kumpletong aplikasyon sa AINP:
Alberta Immigrant Nominee Program
Suite 940, Telus Plaza North Tower
10025 Jasper Avenue, Edmonton, Alberta T5J 1S6
5. Kung natugunan mo ang mga karapat-dapat na criteria ng AINP, maaari kang ma-aprubahan bilang isang Panlalawigang Nomine (Provincial Nominee). Kung ma-aprubahan, padadalhan ka ng pakete para sa nominasyon ng AINP na nakabalangkas ang susunod na mga hakbang kasama ng paghahanda at pagpapadala ng aplikasyong ito para sa permanenteng paninirahan sa tanggapan ng Pagkamamamayan at Imigrasyon ng Canada (Citizenship and Immigration Canada, CIC).
6. Pagkatapos, magsasagawa ang CIC sa kalusugan, kriminal at pang-seguridad na pagsisiyasat.

Hindi na hihilingin pa sa iyong gumamit ng kasangguni para sa imigrasyon (immigration consultant) o abogado upang kumpletuhin ang iyong aplikasyon. Kung nais mong kumuha ng isang kinatawan upang kumpletuhin ang iyong aplikasyon, ito ay hindi rin mabibigyan ng espesyal na atensyon o maaaring bigyan ng kakaibang atensyon kaysa sa ibang mga aplikasyon.

Para sa mga karagdagang impormasyon sa Programa para sa Pag-nomine sa Imigrante ng Alberta (Alberta Immigrant Nominee Program), bumisita sa www.AlbertaCanada.com/ainp

■ Mga Mapagkukunan ng Tulong (Resources)

Alberta

Alberta Health Care Insurance Plan

www.health.alberta.ca/health-care-insurance-plan.html

Alberta Immigrant Nominee Program

www.AlbertaCanada.com/ainp

Alberta Temporary Foreign Worker Helpline

Sa lugar ng Edmonton: **780-644-9955**

Sa labas ng Alberta: **1-877-944-9955**

Email: **tfwadvisory.office@gov.ab.ca**

Employment Standards

Sa lugar ng Edmonton: **780-427-3731**

Libreng linya sa Canada: **1-877-427-3731**

www.employment.alberta.ca/es

Immigrate to Alberta Information Service

Libreng linya sa Alberta: **1-877-427-6419**

Sa labas ng Alberta: **780-427-6419**

I-email ang pormularyo sa: **www.AlbertaCanada.com/info**

Office of the Information and Privacy Commissioner (OIPC)

Tanggapan sa Calgary: **403-297-2728**

Tanggapan sa Edmonton: **780-422-6860**

Libreng linya sa Alberta: **1-888-878-4044**

www.oipc.ab.ca

Service Alberta, Consumer Contact Center

Sa lugar ng Edmonton: **780-427-4088**

Libreng linya sa Alberta: **1-877-427-4088**

www.servicealberta.ca

Temporary Foreign Worker Advisory Offices

Lokasyon sa Hilaga (Edmonton)

3rd Floor, City Centre, 10242 - 105 Street Edmonton, AB T5J 3L5

780-644-2584

Lokasyon sa Timog (Calgary)

3rd Floor, JJ Bowlen Building, 620 – 7th Avenue S.W. Calgary, AB T2P 0Y8

403-476-4540

Workers' Compensation Board Alberta

Libreng linya sa Alberta: **1-866-WCB-WCB1 (1-866-922-9221)**

Sa labas ng Alberta: **1-800-661-9608**

Email: **contactcentre@wcb.ab.ca**

www.wcb.ab.ca

Workplace Health and Safety

Tumawag sa: 1-866-415-8690

www.employment.alberta.ca/whs

Canada

Citizenship and Immigration Canada

Tumawag sa: 1-888-242-2100

www.cic.gc.ca

Service Canada

www.hrsdc.gc.ca/eng/workplaceskills/foreign_workers/index.shtml

Talaan sa Unang Araw ng Mga Pansamantalang Dayuhang Manggagawa (First Day Checklist for Temporary Foreign Workers)

Repasuhin ang iyong permiso sa pagtatrabaho upang pagtibayin at malaman ang ganap na kawastuhan kasama ng iyong pangalan at petsa ng kapanganakan, ang pangalan ng iyong pinaglilingkuran, lokasyon ng iyong trabaho, at ang uri ng trabaho na iyong ginagawa.

Ang Aking Araw ng Trabaho

- Ano ang aking mga oras sa araw-araw?
- Ano ang regular na mga araw ng trabaho?
- Kailangan ko bang pumasok nang mas maaga kaysa sa simula ng aking shift?
- Gaano katagal ang aking pahinga para sa tanghalian?
- May bayad ba ang aking pahinga para sa tanghalian?
- Mayroon ba akong kahit na anumang pahinga, katulad ng pahinga para magkape?
- Ilang mga regular na oras ang aking bubunuin bago ikonsidera ang overtime?
- Ilang overtime, kung mayroon man, ang kailangan?
- Magkakaloob ka ba ng transportasyon papunta at pauwi mula sa trabaho?

Suweldo at Mga Benepisyo

- Paano ko matatanggap ang aking suweldo?

- Ilang beses ako makatatanggap ng suweldo?
- Ano ang rate ng aking overtime?
- Makatatanggap ba ako ng mga benepisyong pangkalusugan, pensyon o pagkakasapi sa unyon?
- Magkano ang gastos ng mga benepisyong ito?
- Mayroon bang tutulong sa aking repasuhin ang mga ibinabawas mula sa tseke ng aking suweldo?
- Babayaran ba ako sa aking paglalakbay papunta at pauwi mula sa trabaho?
- Babayaran ba ako ng bonus? Ano ang aking dapat gawin upang magkaroon nito?
- Magkano ito aabutin?

Pagliban sa Trabaho

- Babayaran ba ako ng bakasyon o kasama na ba ang kabayaran sa aking bakasyon sa tseke ng aking suweldo?
- Paano kalkulahan ang bayad/oras ng aking bakasyon?
- Paano ang mangyayari kung magkasakit ako? Sino ang aking dapat na tawagan?
- Ano ang aking responsibilidad?
- May bayad ba ang mga araw ng aking pagkakasakit?
- Pinapayagan ba akong magtakda ng walang bayad na pagliban sa trabaho?

Mga Katanungan Pangkalusugan at Pangkaligtasan

- Ano ang mga risiko at panganib sa aking trabaho?
- Ano pa ang ibang peligro sa aking pinagtatrabahuhan na dapat kong malaman?
- Kailan ako makatatanggap ng pagsasanay para sa aking trabaho?
- Mayroon ba akong makukuhang impormasyon tungkol sa pangkalusugan at pangkaligtasan?
- Mayroon bang mga pagtitipon para sa pangkalusugan at pangkaligtasan?
- Saang lokasyon matatagpuan ang mga first aid kit at mga fire extinguisher?
- Ano ang aking gagawin kung magkaroon ng sunog o iba pang emerhensya?
- Sino ang pupuntahan ko kung nasaktan ako sa trabaho?
- Ano ang aking mga responsibilidad sa pangkalusugan at pangkaligtasan?
- Ano ang mga responsibilidad pangkalusugan at pangkaligtasang ng aking pinaglilingkuran?
- Sino ang aking kakausapin kung mayroong akong mga katanungan tungkol sa pangkalusugan at pangkaligtasan?

Sumangguni sa mga sumusunod para sa mga karagdagang impormasyon:

Temporary Foreign Worker Helpline:

Lugar sa Edmonton: **780-644-9955**

Sa buong mundo: **1-877-944-9955**

Email: **tfwadvisory.office@gov.ab.ca**

Temporary Foreign Worker Advisory Offices:

Lokasyon sa Hilaga (Edmonton)
3rd Floor, City Centre
10242 - 105 Street
Edmonton, AB T5J 3L5
780-644-2584

Lokasyon sa Timog (Calgary)
3rd Floor, JJ Bowlen Building,
620 - 7th Avenue S.W.
Calgary, AB T2P 0Y8
403-476-4540

Immigrate to Alberta Information Service:

Libreng linya sa Alberta: **1-877-427-6419**

Sa labas ng Alberta: **780-427-6419**

I-email ang pormularyo sa: **www.AlbertaCanada.com/info**

Inihanda ng Pagtatrabaho at Imigrasyon ng Alberta (Alberta Employment and Immigration).

Ang materyal na ito ay maaaring gamitin, kopyahin, isantabi o pakalatin hindi para sa pang-komersyal na layunin. Ang pinanggalingan ng materyal na ito ay kailangang kilalanin. Ang materyal na ito ay hindi maaaring gamitin, kopyahin, isantabi o pakalatin para sa mga pang-komersyal na layunin ng walang kasulatang permiso mula sa Pamahalaan ng Alberta. Ang materyal na ito ay hindi pambenta maliban na lamang kung lisensyado ng pamahalaan ng Alberta.

Giya para sa mga Empleyado na Pansamantalang Dayuhang Manggagawa

Ang publikasyon ito ay mayroon impormasyon tungkol sa:

Programa para sa Pansamantalang
Dayuhang Manggagawa

Ang mga Dapat Malaman ng mga
Empleyado sa Alberta

Suporta ng Alberta para sa mga
Pansamantalang Dayuhang Manggagawa

Programa para sa Pag-nomine sa
Imigrante ng Alberta

Mga Mapagkukunan ng Tulong

© 2010 Government of Alberta

Printed in Canada for free distribution

Published: October 2010

ISBN: 978-0-7785-9127-6